**LEARNING ACTIVITY SHEETS (LAS)**
**Grade 7 – FILIPINO**

Pangalan: ______________________________Petsa: _______________ Marka:_____________

# INA, DALANGIN NA MAGKAROON SIYA NG COVID-19 PARA MAKAPILING ANG ANAK

Noong June 1, 2020 isinugod sa ospital ang 21 taong gulang na si Vincent Moulder matapos siyang mahawahan ng COVID-19 ng kanyang nakagisnang ama na si Billy. Mas delikado ang komplikasyong dulot ng virus sa binata dahil "person with special needs "si Vincent.

"Immunocompromised siya eh, Mahina talaga iyong ibang parte ng katawan niya, Simula noong bata siya ay mayroon na siyang Prader-Willi Syndrome tapos mayroon pa siyang Optic Nerve Aplasia kaya iyong mata niya Nystagmus, hindi mag-stay talaga. Kasi hindi nagdevelop iyong mga nerves sa brain niya. Tapos mayroon din siyang Adrenal Insufficiency at Hypothyrodisim kaya iyon ang ipinag-aalala ko na mahawahan siya." ani Jarolyn Moulder, ina ni Vincent.

Nakatira sa Baguio sina Jarolyn at Vincent nang magkakilala sila ni Billy at nagpakasal noong 2006 at tuluyang nanirahan sa Estados Unidos. Si Billy na ang kinilalang ama ni Vincent na labis na hinangaan ni Jarolyn sa asawa dahil sa pagtanggap sa kanyang anak. Kinalaunan ay nagkaroon din ng sariling anak sina Billy at Jarolyn, sina Jade at Jasmine.

Pero ang kanilang masayang pamilya ay pinaghiwalay ng pandemya. Dalawang araw matapos sunduin ng ambulansya si Billy, isinugod na rin sa ospital si Vincent.

"Sabi ng doktor sa akin hindi ako puwedeng sumama. Napakahirap para sa akin bilang ina, pero iyon ang protocol nila. Hindi puwedeng may kasama ang COVID patients. Mahirap mawalay sa anak ko sa ganoong sitwasyon niya. Walang siyang kasama, walang hahawak sa kamay niya. Iyak ako nang iyak, kasi sabi ko ma- stress siya lalo roon."

Mapahihintulutan lang si Jarolyn na mabantayan ang anak sa ospital kung siya rin mismo ay magpositibo sa COVID-19.

"Hiniling ko talaga na magpositibo ako sa virus, kasi gusto kong alagaan ang anak ko. Hindi ako natatakot sa kung anoman iyong mararamdaman ko dahil ang first priority ko ay iyong pagiging ina ko. Gusto kong makasama ang anak ko, May huhugutan siya ng lakas sa akin."

Natupad ang hiling ni Jarolyn na magpositibo sa COVID-19. Mild symptoms lang ang nararamdaman niya kaya nagawa pa rin niyang alagaan ang anak.

"Isa iyong milagro. Kung hindi ako nagpositibo hindi nila ako papayagan na makasama ang anak ko. Nababantayan ko na siya, Kung iihi siya, nalilinisan ko agad. Kasi iyong iba maghihintay pa sila ng ilang oras bago sila mapalitan dahil madaming pasyente."

Sa unang linggo nilang mag-ina patuloy ang paglala ng kundisyon ni Vincent.

**Tiyak na Linggo: 8**
**Target na Kasanayan:**
1. Nasusuri ang mga salitang ginamit sa pagsulat ng balita ayon sa napakinggang halimbawa
2. Natutukoy ang datos na kailangan sa paglikha ng sariling-ulat balita base sa materyal na binasa

**Kabatiran para sa Guro** - Ang LAS na ito ay susubok sa mapanuring pag-iisip ng mga mag-aaral batay sa kompetensing sa kanila ay nalinang.

**(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)**

“Kapag nahihirapan siya, sasabihin niya sa akin, Mama, Let’s Pray.”

“Kaya alam ko nahihirapan siya, everytime na nahihirapan siya, nagdarasal siya, nagwoworship siya kay God.” Habang magkasama ang dalawa, mag-isa naman nagpapalakas sa kabilang kuwarto si Billy. Naging inspirasyon niya ang araw-araw na pagbi-video call kay Vincent hanggang sa tuluyan siyang gumaling. Dinadalaw naman siya ng mga kapatid sa pamamagitan ng pagtanaw sa bintana mula sa parking lot ng ospital.

Kahit patuloy na pinahihirapan ng sakit si Vincent hindi ito naging dahilan upang magsungit siya sa mga nag-aalaga sa kanya na frontliners.

Noong Hunyo 23, 2020 muling dininig ang kanilang panalangin, tuluyang gumaling ang mag-ina. Ang magandang pakikitungo ni Vincent sa mga frontliner ay sinuklian ng isang surpresa sa pamamagitan ng pagpasok ng wheelchair na may mga lobo at palakpakan ng mga nars nang palabas na sila ng ospital.

Kung muling susubukin ang kanyang pananalig para sa anak, hindi raw magdadalawang isip si Jarolyn na samahang muli si Vincent. “Bilang ina niya, kung hindi ko nakita ang “faith” na iyon sa kaniya, mas kailangan ko pa ng mas malakas na kapit kay God. Mas lalo ko siyang hindi titigilan, mas lalo ko siyang hahawakan, bubuhatin. Ibibigay ko lahat ng energy ko, ang lahat-lahat ko, ang buhay ko dahil anak ko siya”.

#JuanLove | Tadhana GMA | I JUANder
https://www.facebook.com/watch/?v=422163535406955&extid=bytymfpueWh5lMdE
https://www.youtube.com/watch?v=YOEZeRvpUF8

## Pagsasanay 1: Suriin Mo!

**Panuto:** Pansinin ang mga nasalungguhitang salita sa binasang balita. Itala ang mga ito at suriin gamit ang chart sa ibaba. Iguhit ang mga emoticon na kumakatawan sa bawat katangian kung ito ay taglay ng mga salita. Ipaliwanag ang iyong naging kasagutan. (10 puntos)

Mga Katangian ng Salita

- Simple ang salita
- Naiintindihan ng lahat
- Akma ang pagkakagamit ng mga salita.

| **Mga Nasalungguhitang Salita** | **Mga Katangian ng salita** | **Paliwanag** |
|---|---|---|
| **1.** | | |

**Tiyak na Linggo: 8**
**Target na Kasanayan:**
1. Nasusuri ang mga salitang ginamit sa pagsulat ng balita ayon sa napakinggang halimbawa
2. Natutukoy ang datos na kailangan sa paglikha ng sariling-ulat balita base sa materyal na binasa

**Kabatiran para sa Guro** - Ang LAS na ito ay susubok sa mapanuring pag-iisip ng mga mag-aaral batay sa kompetensing sa kanila ay nalinang.

**(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)**

| | | |
|---|---|---|
| **2.** | | |
| **3.** | | |
| **4.** | | |
| **5.** | | |
| **6.** | | |
| **7.** | | |
| **8.** | | |
| **9.** | | |
| **10.** | | |

### Pagsasanay 2: Pagbuo ng Balangkas

A. **Panuto:** Gumawa ng balangkas ng katauhan ni Jarolyn Moulder bilang isang ina batay sa mga datos na nakalap sa balitang nabasa/napanood. (5 puntos)



Pangalan

Asawa

Mga anak

**Tiyak na Linggo: 8**
**Target na Kasanayan:**
1. Nasusuri ang mga salitang ginamit sa pagsulat ng balita ayon sa napakinggang halimbawa
2. Natutukoy ang datos na kailangan sa paglikha ng sariling-ulat balita base sa materyal na binasa

**Kabatiran para sa Guro** - Ang LAS na ito ay susubok sa mapanuring pag-iisip ng mga mag-aaral batay sa kompetensing sa kanila ay nalinang.

**(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)**

| | |
|---|---|
| Lugar na pinagmulan | |
| Kalakasan | |
| Kahinaan | |

## B. Pagbuo ng sariling balita

**Panuto**: Magsalaysay ng isang mahalagang pangyayari sa inyong komunidad. Isaalang-alang ang paggamit ng sumusunod na mga datos. (5 puntos)

a. Pamagat ng balita (Maaaring maglakip ng larawan bilang patunay sa iyong balita)
b. Kailan at saan naganap
c. Anong pangyayari ang pinagtuunan ng pansin
d. Mga suliraning nakita
e. Solusyon
f: Mahalagang mensahe ng balita

Pamagat

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

**Tiyak na Linggo: 8**
**Target na Kasanayan:**
1. Nasusuri ang mga salitang ginamit sa pagsulat ng balita ayon sa napakinggang halimbawa
2. Natutukoy ang datos na kailangan sa paglikha ng sariling-ulat balita base sa materyal na binasa

**Kabatiran para sa Guro** - Ang LAS na ito ay susubok sa mapanuring pag-iisip ng mga mag-aaral batay sa kompetensing sa kanila ay nalinang.

**(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)**